**Buying Online**
**Questions and Answers**

- **Paano ang shipping ng item na nabili online?**
    - Ang sender or merchant ay magpapadala ng item na nabili online sa pamamagitan ng mga international couriers (DHL, FedEx, UPS, USPS, Philpost, at iba)
    - Ang shipping cost ay babayaran depende sa arrangement ng Merchant at Buyer.
    - Ang value ng content at specific description ay required na ideklara sa mga air waybill.
    - Hintayin ang kopya ng air waybill para mamonitor ang pag ship ng parcel papunta sa Pilipinas.
    - Tandaan ang mga regulasyon sa country of import o destinasyon.

- **Ano ang proseso pagdating ng parcel sa Pilipinas?**
    - Ang lahat ng Item na nabili online ay ihahatid under guard papunta sa mga Bonded Warehouse pagbaba ng eroplano.
    - Depende sa courier na ginamit.
    - Ito ay irereceive ng Warehouse operator ng respective Bonded Warehouse
    - Ang lahat ng ito ay idadaan sa X-ray at K9 dog sniffing.
    - Idadaan rin ito sa mga customs clearance processes at maaaring masubject sa Physical Examination o compliance sang-ayon sa existing na mga regulasyon.
    - If all compliant, ito ay idedeliver ng inyong courier sa named claimant.

- **Ano ang proseso para sa mga na-hold na parcels for Physical Examination?**
    - Ang mga nahold na items ay sang-ayon sa mga existing na regulasyon katulad ng pag import ng mga regulated o restricted goods na kailangan ng mga additional na requirements; at value na may higit na PHP 10,000.00 at iba pa.
    - Ang courier ang mag nonotify sa claimant ng parcel sa pamamagitan ng notification letters.
    - Maari rin makipag ugnayan sa mga contact hotlines ng inyong courier at ng Customs para sa mabilis na compliance at pag proseso.

- Ano ang proseso sa pag dedeliver ng parcels?

    - Kung na clear na ang parcel for delivery, ang mga items ay ipapadala ng courier directly sa address ng claimant.

- **Paano ang pag proseso ng parcel kung higit sa PHP 10,000 ang value nito?**
    - Magkakaroon ng tax ang item kung ito ay may value na higit na PHP 10,000, depende sa taripa at uri ng item.
    - Ito ay pwedeng bayaran directly sa customs cashier o via courier account.
    - mangyaring manghingi ng resibo pagbabayad.
    - Tandaan hinding-hindi nagpapabayad ang customs via deposit o private - individual accounts. Mag-ingat sa mga scammers!